Ano ang Bago sa Halalan sa Nevada

Koreong Balota at Personal na Pagboto sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020, Pangkalahatang Halalan

Mga Pagpipilian sa Pagboto: Magkakaroon ka ng iba't-iba'ng mga pagpipilian sa pagboto para sa 2020 Pangkalahatang Halalan. Kung nag-aalala ka tungkol sa dami ng tao, maaari kang bumoto sa pamamagitan ng koreo. Kung mas nanaisin mo ang bumoto nang personal gamit ang isang makina sa pagboto, maaari mo'ng gawin ito sa anumang lugar nang maagang pagboto o sa iyong pinili'ng sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan. **Lubos kami'ng humihikayat sa iyo na ipadala sa koreo o dalhin sa amin ang iyong balota sa halip na bumoto nang personal.**

Pagboto sa Koreong Balota: Ang lahat ng mga aktibo'ng rehistradong botante sa Lalawigan ng Clark ay awtomatiko'ng makatatanggap ng isang koreong balota para sa Pangkalahatang Halalan, hiniling man nila o hindi ang isa. Ang isang talaan ng mga mapagdadalha'ng lugar ay nasa pakete nang balota'ng ipinadala sa iyo at sa **www.ClarkCountyNV.gov/vote**. Kung hindi mo natanggap ang pakete nang balota'ng ipinadala sa iyo sa panahon ng Ika-17 ng Oktubre, 2020, agad na makipag-ugnay sa amin sa **(702) 455-7871** o **MailBallotRequest@ClarkCountyNV.gov**.

Huling araw ng pagmarka ng Koreong Balota at Pagtanggap: Ang mga ibinotong koreong balota na ipinadala sa pamamagitan ng Tanggapan ng Post Office ay dapat na: (1) Ipadala sa ibinigay na sobreng maryoong paunang bayad na selyo, na kinakailangan ng lagdaan ng botante (2) Mayroon marka ng koreo sa o bago ang Araw ng Halalan; at (3) Natanggap ng Kagawaran ng Halalan sa o bago ang ika-7 araw matapos ang Araw ng Halalan. Para sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020, Pangkalahatang Halalan, ang mga koreong balota ay kailangan na **mayroong marka ng koreo sa o bago ang Martes, Ika-3 ng Nobyembre, 2020, at natanggap ng 5:00 n.h. sa Martes, Ika-10 ng Nobyembre, 2020.**

Personal na Pagboto Gamit ang Mga Makina sa Pagboto: Ang Lalawigan ng Clark ay magkakaroon ng 35 na mga lugar nang maagang pagboto bawat araw sa panahon ng Ika-17-30 ng Oktubre, 2020 (Sabado-Biyernes) at mahigit na 100 mga sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan, Martes, Ika-3 ng Nobyembre, 2020, kung saan ay maaari ka'ng bumoto sa isang makina ng pagboto. Kung dala mo ang iyong koreong balota, dapat mo'ng isauli ito sa lugar ng pagboto. Kung hindi mo ito dala, dapat kang lumagda nang isang pagpapatunay na hindi ka bumoboto nang dalawa'ng beses sa magkaparehong halalan. Ang isang talaan ng mga lugar nang maagang pagboto at mga sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan ay nasa iyong halimbawang balota at sa website ng Kagawaran ng Halalan sa **www.ClarkCountyNV.gov/vote**.

Mga Dati'ng Pelon

Ang Mga Dati'ng-Pelon ay May Karapatan na Magparehistro Kaagad-agad Upang Bumoto: Ang mga tao'ng nahatulan ng mataas na pagkakasala sa Nevada o sa alinma'ng ibang estado at hindi nabilanggo ay maaaring agad na magparehistro upang bumoto hangga't sinusunod nila ang karaniwang mga pamamaraan para sa pagpaparehistro upang bumoto at matugunan ang mga pamantayan sa pagpaparehistro ng botante sa Nevada (mamamayan ng Estados Unidos, hindi bababa sa 18 taong gulang sa susunod na Araw ng Halalan, nakatira sa Lalawigan ng Clark ng hindi bababa sa 30 araw, at naninirahan sa kanilang presinto nang hindi bababa sa 10 araw). Walang mga espesyal na pamamaraan o papeles na kailangan. Nalalapat din ito sa mga tao na ang pagpaparehistro ng botante ay dati nang nakansela dahil sa isang hatol sa mataas na pagkakasala at sa mga kasalukuyang nasa pagsubok na paglaya o parol.

Huling Araw ng Pagparehistro at Pagsasapanahon

Mga Huling Araw para sa Bagong Pagpaparehistro at Mga Pagsasapanahon ng Umiiral na Pagpaparehistro: Ang huling araw ng pagpaparehistro upang bumoto o isapanahon ang umiiral na pagpaparehistro sa pamamagitan ng koreo o nang personal para sa Ika-3 ng Nobyembre, 2020, Pangkalahatang Halalan ay **Martes, Ika-6 ng Oktubre, 2020** (pangkaraniwang pagsasara ng pagpaparhistro). Maaari ka pa ring magparehistro upang bumoto o baguhin ang iyong umiiral na pagpaparehistro pagkatapos ng pangkaraniwang pagsasara nang pagpaparehistro, alinman sa online o personal:

- Pagpaparehistro o Pagsasapanahon sa Online LAMANG, Ika-7-15 ng Oktubre, 2020 (Miyerkules.-Huwebes): Maaari kang magparehistro upang bumoto o isapanahon ang iyong umiiral na pagpaparehistro sa online LAMANG sa website ng Kalihim ng Estado sa **www.registertovotenv.gov**. Magigiging karapat-dapat kang bumoto sa isang regular na balota sa kasalukuya'ng halalan.

- Magkaparehong Araw ng Pagpaparehistro o Pagsasapanahon Sa Online, Ika-16-29 ng Oktubre, 2020 (Biyernes-Huwebes): Maaari kang magparehistro upang bumoto o isapanahon ang iyong umiiral na pagpaparehistro sa online sa website ng Kalihim ng Estado sa **www.registertovotenv.gov**, ngunit para sa kasalukuyang halalan maaari ka lamang bumoto ng isang pansamantalang balota nang personal sa anuma'ng lugar nang maagang pagboto o sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan. Ang mga bago'ng nagparehistro ay dapat magbigay ng kasalukuyan at tunay na Nevada DMV na Pagkakakilanlan sa lugar ng pagboto. Tingnan ang sumusunod na impormasyon para sa mga detalye.

- Magkaparehong Araw ng Pagpaparehistro at Pagsasapanahon Nang Personal, Ika-17-30 ng Oktubre, 2020 (Sabado-Biyernes) at Ika-3 ng Nobyembre, 2020 (Martes): Maaari kang magparehistro upang bumoto o isapanahon ang iyong umiiral na pagpaparehistro nang personal sa anuma'ng lugar nang maagang pagboto o sentro sa pagboto sa Araw ng Halalan, ngunit para sa kasalukuyang halalan maaari ka lamang bumoto ng isang pansamantalang balota. Ang mga bagong nagparehistro ay dapat magbigay ng kasalukuyan at tunay na Nevada DMV na Pagkakakilanlan sa lugar ng pagboto. Tingnan ang mga sumusunod na impormasyon para sa mga detalye.

Online o Personal na Magkaparehong Araw ng Pagsasapanahon ng Umiiral na Pagpaparehistro

Paano Ito: Matapos ang pangkaraniwang pagsasara ng pagpaparehistro, maaari mo'ng mabago agad ang iyong umiiral na pagpaparehistro ng botante (tirahan, partido, atbp.) alinman sa online o website ng Kalihim ng Estado sa **www.registertovotenv.gov** o nang personal sa anuma'ng lugar nang maagang pagboto sa Lalawigan Clark o sa sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan. Pagkatapos ay maaari kang bumoto ng isang buo'ng pansamantalang balota sa lahat ng mga labanan, mga kandidato, at mga katanungan na nasa isang regular na balota sa alinma'ng lugar nang maagang pagboto sa Lalawigan ng Clark o sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan. Ang iyong pansamantalang balota ay bibilangin lamang matapos ang pagpapatunay sa iyong datos sa pagpaparehistro at hindi ka bumoto nang higit sa isang balota sa parehong halalan.

Mga Petsa para sa Online at Nang Personal na Magkaparehong Araw ng Pagsasapanahon: Tingnan ang "Mga Huling Araw ng Pagpaparehistro at Pagsasapanahon" sa itaas.

Online o Nang Personal na Magkaparehong Araw ng Pagpaparehistro ng Botante

Paano Ito: Matapos ang pangkaraniwang pagsasara ng pagpaparehistro ng botante, maaari ka pa ring magparehistro upang bumoto para sa kasalukuyang halalan alinman sa online sa **www.registertovotenv.gov** o nang personal sa alinma'ng lugar ng botohan sa Lalawigan ng Clark o sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan. Upang magawa ito, dapat mo'ng matugunan ang mga kailangan sa pamantayan ng pagpaparehistro sa Nevada (mamamayan ng Estados Unidos, hindi bababa sa 18 taong gulang sa susunod na Halalan, nakatira sa Lalawigan ng Clark ng hindi bababa sa 30 araw, at nakatira sa iyong presinto ng hindi bababa sa 10 araw) at dapat ay mayroon kang hindi magtatapos, kasalukuyang pagkakakilanlan sa **NEVADA** Department of Motor Vehicle (NV DMV).

Mga Kinakailangan:

- Nagparehistro ka man upang bumoto sa online (**www.registertovotenv.gov**) o personal sa alinma'ng lugar ng pagboto o sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan na iyong pinili, kapag nagpatala ka na upang bumoto kailangan mo'ng ibigay ang isa sa mga sumusunod na kailanga'ng mga bagay ng NV DMV na dapat ay naglilista nang iyong kasalukuya'ng tirahan kung saan ka talaga nakatira at kung saan ay tumutugma sa tirahan na ibinigay mo para sa pagpaparehistro ng botante:
  - Ang isang hindi magtatapos, kasalukuyang Lisensya ng **NEVADA** DMV sa Pagmamaneho; o
  - Ang isang hindi magtatapos, kasalukuyang **NEVADA** Pagkakakilanlan ng Kard, na ibinigay ng DMV; o
  - Ang isang hindi magtatapos, kasalukuyang pansamantalang **NEVADA** DMV "Pansamantalang Dokumento."

- **KUNG** ang tirahan ay hindi pang-kasalukuyan sa kailangang bagay sa NV DMV (hindi tumutugma sa iyong rehistrasyon o hindi kung saan ka talaga nakatira), dapat ka ring magbigay bilang karagdagan sa kailangang patunay na bagay ng NV DMV ng iyong kasalukuyang tirahan kasama ang iyong pangalan, tulad ng:
  - Isang Pagkakakilanlan na Kard ng Militar
  - Isang tseke para sa suweldo
  - Isang pahayag ng buwis sa ari-arian
  - Isang pahayag ng bangko o union ng kredito
  - Isang pahayag sa buwis
  - Isang pagpaparehistro ng motor na sasakyan
  - Isang pahayag sa kagamitan (kuryente, gasulina, langis, tubig, sewer, septik, telepono, cell phone, kable)
  - Isang pahayag sa pagkakasangla, o kasunduan sa pag-upa o pag-papaarkila
  - Kahit na anong ibang kasulatan na ibinigay ng isang Sangay ng Pamahalaan

- Dapat kang bumoto kaagad sa lugar kung saan ka nakarehistro o nagpatala (walang ibang lugar).

- Boboto ka nang isang buo'ng pansamantalang balota sa lahat ng mga labanan, kandidato, at mga katanungan na nasa isang regular na balota. Ang iyong pansamantalang balota ay bibilangin lamang pagkatapos ng pagpapatunay na: (1) Ikaw ay kwalipikado'ng magparehistro upang bumoto at bumoto ng isang balota sa kasalukuyang halalan; (2) Hindi ka bumoto ng maraming mga balota sa magkaparehong halalan; at (3) **KUNG** naaangkop, pagpapatibay na binigyan mo nang maaaring taggapin na karagdagang patunay ng paninirahan.

Mga Petsa para sa Online at Nang Personal na Magkaparehong Araw ng Pagsasapanahon: Tingnan ang "Mga Huling Araw ng Pagpaparehistro at Pagsasapanahon" sa nakaraang pahina.